



TUTOR'S GUIDE

ARAL-READING BASIC

KEY
STAGE

2



Government Property
NOT FOR SALE



ARAL-Reading Basic Tutor's Guide

Key Stage 2

This material is solely for tutors' use in the Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program. It is designed to support the delivery of curriculum content, standards, and lesson objectives.

Any unauthorized reproduction, distribution, modification, or utilization of this material without written permission from the Department of Education may result in appropriate legal action and disciplinary measures.

Fair Use Notice: Certain copyrighted materials included in this resource are used solely for educational purposes in accordance with the fair use provisions under Section 185 of the Intellectual Property Code of the Philippines (Republic Act No. 8293, as amended). All rights remain with their respective copyright owners. Any use of these materials beyond teaching under the ARAL Program, including reproduction, distribution, adaptation, or other forms of exploitation, may require prior permission from the respective copyright owners.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

Published by the Department of Education

Secretary: Sonny M. Angara

Undersecretary: Carmela C. Oracion

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph





Table of Contents

Week 1		4
Week 2		17
Week 3		40
Week 4		52
Week 5		72
Week 6		86
Week 7		104
Week 8		115





ARAL-Reading	☒ Basic	KEY STAGE	☒ 2 ☐ 3	Intervention Week	1
Focus	Word Concept (print carries meaning; word boundaries)			Language	☒ Filipino ☐ English

MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO (TUTORIAL PROCEDURES)				
	UNANG SESYON (SESSION ONE)	IKALAWANG SESYON (SESSION TWO)	IKATLONG SESYON (SESSION THREE)	IKAAPAT NA SESYON (SESSION FOUR)
Pokus na mga Titik, Tunog at Salita (Focus Letter/Sound/Word)	Mga Titik: m, s, a, i	Mga Titik: m, s, a, i, o	Mga Titik: m, s, a, i, o, e	Mga Titik: m, s, a, i, o, e, b
Mga Layunin (Objectives)	1. Nasasabi at naibibigay ang tunog ng titik Mm, Ss, Aa at li. 2. Nakikilala at naisusulat nang maayos ang malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa at li 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, at /i/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, at i. 5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga	1. Nasasabi at naibibigay ang tunog ng titik Mm, Ss, Aa, li at Oo. 2. Nakikilala at naisusulat nang maayos ang malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, li, at Oo. 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, /i/, at /o/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, i, at o	1. Nasasabi at naibibigay ang tunog ng titik Mm, Ss, Aa, li, Oo at Ee. 2. Nakikilala at naisusulat nang maayos ang malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, li, Oo at Ee. 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/, /e/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, i, o, at e. 5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga	1. Nasasabi at naibibigay ang tunog n titik Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee at Bb. 2. Nakikilala at naisusulat nang maayos ang malaki at maliit na titik Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee, at Bb. 3. Nakapagbibigay ng mga salita at kahulugan nito na nagsisimula sa tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/, /e/, /b/. 4. Nakababasa ng mga salitang binubuo ng titik m, s, a, i, o, e, at b.





	interaktibong gawain sa pagkatuto ng mga titik m, s, a, i at pagbabasa ng mga salita.	5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga interaktibong gawain sa pagkatuto ng mga titik m, s, a, i, o at pagbabasa ng mga salita.	interaktibong gawain sa pagkatuto ng mga titik m, s, a, i, o, e at pagbabasa ng mga salita.	5. Naisasagawa nang may kasiyahan ang mga interaktibong gawain sa pagkatuto ng mga titik m, s, a, i, o, e at pagbabasa ng mga salita.
Mga Kagamitan (Materials)	• emoji cards • flashcards • mga larawan • kopya ng LAS • letter cards • isang kahon	• flashcards • mga larawan • kopya ng LAS • letter cards • speaker para sa musika • velcro board, whiteboard, o manila paper na puwedeng pagdikitan ng larawan	• emoji cards • flashcards • mga larawan • kopya ng LAS • video ng pagdiriwang ng okasyong pambarangay • makukulay na banderitas • letter tiles/cards • whiteboard o manila paper • timer at score sheet.	• flashcards • mga larawan • kopya ng LAS • letter cards • speaker para sa musika
Panimula at Sosyo-Emosyonal na Gawain (Opening Routine and Socio-Emotional Warm-Up)	• Simulan ang sesyon sa pagbati sa mga mag-aaral at magkaroon ng kumustahan. • Feelings check-in: Gamit ang emoji cards (masaya, malungkot, nasasabik, pagod, natatakot, galit) na inihanda na makikita sa	• Simulan sa pagbati sa mga mag-aaral at magkumustahan. • Ihanda ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapaupo muna nang maayos at pagpapakilala sa awitin bilang bahagi ng	• Simulan sa pagbati sa mga mag-aaral at magkumustahan. • Feelings check-in: Gamit ang emoji cards (masaya, malungkot, nasasabik, pagod, natatakot, galit) na inihanda na makikita sa bawat upuan ng mga	• Simulan sa pagbati sa mga mag-aaral at magkumustahan. • Patayuin ang mga mag-aaral malapit sa kanilang kinauupuan. • Ipakilala ang awit na "Magtanim ay Di Biro" upang pasiglahin ang





5 min	bawat upuan ng mga mag-aaral, itataas nila ang larawan na nagpapakita ng kanilang damdamin. ● Energizer: Patayuin sila at magkaroon ng maikling ehersisyo o pag-uunat ng kanilang mga kamay o katawan. ● Tapusin ang paunang gawain sa pagpalakpak ng kanilang kamay ng isang beses, dalawang beses at tatlong beses.	pambungad na aktibidad. ● Ipaliwanag ang layunin ng awit —“Kung Ikaw ay Masaya”: upang pasiglahin ang klase at turuan ng pagsunod sa panuto gamit ang awit. ● Ipakita muna ang mga galaw na isasabay sa bawat linya ng awitin (hal. palakpak, tapik sa balikat, padyak, atbp.). ● Umawit nang unti-unti habang sinasabay ang mga galaw upang maging gabay sa mga mag-aaral. ● Ulitin ang awitin nang 1–2 beses upang masanay ang mga mag-aaral at mas maging masigla ang kanilang pagkilos.	mag-aaral, Itataas nila ang larawan na nagpapakita ng kanilang damdamin. ● Tapikin at kamayan ang kamag-aral na nasa kanan. Tapikin at iapir ang kamay ng kamag-aral na nasa kaliwa. ● Tapusin ang paunang gawain sa pagpalakpak ng kanilang kamay ng isang beses, dalawang beses at tatlong beses.	klase at saliwan ng musika. ● Ipakita muna ang mga galaw na isasabay sa bawat linya ng awitin. ● Umawit ng unti-unti habang sinasabay ang mga galaw upang maging gabay sa mga mag-aaral. ● Ulitin ang awitin nang 1–2 beses upang masanay ang mga mag-aaral at mas maging masigla ang kanilang pagkilos.
Pakikinig at Pagpapaunlad ng Wika Gamit ang Pagkukuwento (Listening and Language)	● Magpakita ng mga larawan ng mangga, silya, aso at ibon upang mapukaw ang atensiyon ng mga mag-aaral. Sabihin: “<i>Saan ninyo</i>”	● Tanungin sa mga mag-aaral: <i>Saan kayo madalas pumunta ng inyong pamilya tuwing Sabado o Linggo?</i> ● Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral at	● Ipanood sa mga mag-aaral ang maikling video ukol sa okasyon pambarangay gaya ng araw ng barangay. Itanong: <i>Anong pagdiriwang ang iyong</i>	● Itanong: <i>Ayon sa inawit natin kanina, nasubukan na ba ninyo ang tumulong sa gawain sa bukid o hindi kaya naman ay nakapasyal na sa bukid?</i>





Development through Storytelling) 10 min	<i>madalas nakikita ang nasa larawan?"</i> - Ibigay ang maikling pagpapakahulugan sa mga salitang mangga, silya, aso at ibon. - Basahin nang malakas, malikhain at may tamang ekspresyon ang kuwentong makikita sa Gawain 1 na may pamagat na Si Mia at ang Masayang Sabado ni Enrico Lee Suarez. - Pag-usapan ang kuwento sa klase. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na tanong bilang gabay. - Ano ang ginawa ni Mia pagkagising niya sa umaga ng Sabado? - Anong mga hayop ang inalagaan ni Mia? - Sino ang tumulong kay Mia sa pag-aayos ng bahay? - Ano ang ginawa nina Mia at Sam	iugnay sa babasahing kuwento. - Basahin ang kuwento sa mga mag-aaral nang malakas, malikhain at may tamang ekspresyon ang kuwentong makikita sa Gawain 1 na may pamagat na Si Miko at si Issa ni Enrico Lee Suarez. - Pag-usapan ang kuwento sa klase. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na tanong bilang gabay. - Sino-sino ang mga pangunahing tauhan sa kuwento? - Ano ang ginawa ni Issa sa umaga bago sila kumain? - Bakit natuwa si Miko habang sila ay nasa parke? - Anong mga bagay ang nakita nila habang naglalakad papuntang parke? - Ano ang aral o mahalagang	<i>nakikita sa inyong barangay?</i> - Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral at iugnay sa babasahing kuwento. - Basahin nang malakas, malikhain at may tamang ekspresyon ang kuwentong makikita sa Gawain 1 na may pamagat na "Si Ella at ang Masayang Araw sa Barangay Esperanza" ni Enrico Lee Suarez. - Pag-usapan ang kuwento sa klase. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na tanong bilang gabay. - Ano ang okasyong ipinagdiwang sa Barangay Esperanza? - Paano ipinakita ni Ella ang kanyang pagtulong sa paghahanda para sa pagdiriwang? - Ano ang sinabi ni Kapitan Andres sa mga mag-aaral at bakit niya ito sinabi?	- Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral at iugnay sa babasahing kuwento. - Basahin nang malakas, malikhain at may tamang ekspresyon ang kuwentong makikita sa Gawain 1 na may pamagat na "Sa Bukid ni Mang Ben" ni Enrico Lee Suarez. - Pag-usapan ang kuwento sa klase. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na tanong bilang gabay. - Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya ni Mang Ben na tumutulong sa gawain sa bukid? - Ano-ano ang mga gawain ni Mang Ben at ng kanyang pamilya bago magsimula sa pagtatanim? - Paano ipinakita sa kuwento ang pagkakaisa ng mga taga-barangay?
--	---	--	---	---





	pagkatapos ng gawaing bahay? 5. Anong mahalagang aral ang natutuhan ni Mia sa araw na iyon? Sabihin sa mga mag-aaral na muling ikuwento ang pagkasunod-sunod ng bawat tagpo na kanilang natandaan. Maaaring gumamit ng mga larawan ng mga tagpo ayon sa wastong pagkakasunod-sunod.	mensahe ng kuwento? Sabihin sa mga mag-aaral na iguhit ang bagay na naiwan sa kanilang isipan mula sa kuwentong napakinggan.	4. Bakit nasabi ni Ella na gusto niyang maging lider balang araw? 5. Sa iyong palagay, paano nakatutulong ang mga ganitong pagdiriwang sa pagkakaisa ng mga tao sa barangay? Ipasabit sa mga mag-aaral ang banderitas bilang hudyat ng masayang pagkatuto sa araw na ito.	4. Ano ang ibig sabihin ni Mang Ben nang sinabi niyang, "Ang tagumpay ng magsasaka ay tagumpay ng buong barangay?" 5. Kung ikaw si Isay, anong iba pang paraan ang iyong maiaambag upang makatulong sa bukid? - Sabihin: <i>Kaya pahalagahan natin ang ating mga magsasaka dahil sila ang nagbibigay ng mga pagkain natin sa mesa at huwag sayangin ang mga pagkain.</i> - Ipatugtog muli ang awiting "Magtanim ay di Biro."
Pagbabalik-aral sa mga Titik at Salita mula sa Nakaraang Sesyon	Ipakita ang malaki at maliit na titik ng Mm, Ss, at Aa gamit ang <i>letter chart</i> o <i>slide deck</i>.	- Tanungin ang mga mag-aaral sa mga titik na napag-aralan noong huling sesyon. - Ipakita muli ang flashcards ng titik Mm,	- Tanungin ang mga mag-aaral sa mga titik na napag-aralan noong huling sesyon. - Ipakita muli ang <i>flashcards</i> ng titik Mm, Ss, Aa, li, at	- Tanungin ang mga mag-aaral sa mga titik napag-aralan noong huling sesyon. - Ipakita muli ang <i>flashcards</i> ng titik Mm, Ss,





(Letter and Word Review from Previous Sessions) 5 min	• Ipatugtog ang ABC song na nagpapakita ng 28 titik sa Filipino. • Kantahin ang liriko ng awitin at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral. • Ipakilala muli ang maliit at malaking titik Mm, Ss, Aa at li. • Bigkasin ang tunog /m/, /s/, /a/, at /i/ ng tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.	Ss, Aa, at li. Ipakilala din ang bagong titik: Oo. • Sabihin: “<i>Ito ang malaking titik O at ito naman ang maliit na titik o</i>” • Bigkasin ang tunog /m/, /s/, /a/, /i/, at /o/ ng tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.	Oo. Ipakilala din ang bagong titik: Ee. • Sabihin: “<i>Ito ang malaking titik E at ito naman ang maliit na titik e</i>.” • Bigkasin ang tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/ at /e/ nang tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.	Aa, li, Oo, at Ee. Ipakilala din ang bagong titik: Bb. • Sabihin: “<i>Ito ang malaking titik B at ito naman ang maliit na titik b</i>.” • Bigkasin ang tunog /m/, /s/, /a/, /i/, /o/ ,/e/, at /b/ ng tatlong beses at hayaang ulitin ito ng mga mag-aaral.
Tahasang Pagtuturo ng Tunog ng Titik at Gamit ng mga Salita (Explicit Phonics and Word Work Instruction) 15-22 min	• Isulat o idikit sa pisara ang mga <i>flashcard</i> ng titik Mm, Ss, Aa at li. Bigkasin ito at ipaulit na bigkasin ng mga mag-aaral. • Ipasulat sa hangin ang mga titik. Maaari ding ipasulat sa kanilang mga palad o sa likod ng kanilang mga kamag-aral. • Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan na makikita sa LAS Gawain 2.1-2.4. Bibilugan ng mga mag-aaral ang	• Isulat o idikit sa pisara ang titik Mm, Ss, Aa, li at ipakilala ang dagdag na titik Oo. Bigkasin ito at ipaulit na bigkasin ng mga mag-aaral. • Ipasulat sa hangin ang mga titik. Maaari ding ipasulat sa hangin, sa kanilang mga palad o sa likod ng kanilang mga kamag-aral. • Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan na makikita sa LAS Gawain 2.1 - 2.5. Sasagutan ng mga mag-	• Isulat o idikit sa pisara ang titik Mm, Ss, Aa, li, Oo at ipakilala ang dagdag na titik Ee. Bigkasin ito at ipaulit na bigkasin ng mga mag-aaral. • Ipasulat sa hangin ang mga titik. Maaari ding ipasulat sa hangin, sa kanilang mga palad o sa likod ng kanilang mga kamag-aral. • Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan na makikita sa LAS Gawain 2.1 - 2.6. Sasagutan ng mga mag-	• Isulat o idikit sa pisara ang titik Mm, Ss, Aa, li, Oo, Ee at ipakilala ang dagdag na titik Bb. Ipasulat sa hangin ang mga titik. Maaari ding ipasulat sa hangin, sa kanilang mga palad o sa likod ng kanilang mga kamag-aral. • Ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan na makikita sa LAS Gawain 2.1 - 2.7. Sasagutan ng mga mag-aaral ang mga ito ayon sa isinasaad ng panuto.





	mga larawang nagsisimula sa titik m, s, a, at i • Ipatukoy o pangalanan ang mga larawan na nagsisimula sa titik m, s, a, at i habang binibigyang-diin ang tunog ng mga titik. • Ipakita ang <i>word cards</i> ng mga larawang binilugan ng mga mag-aaral na nagsisimula sa titik m, s, a, i. • Ipabasa at ipaulit ang mga salita sa mga mag-aaral.	aaral ang mga ito ayon sa isinasaad ng panuto (Ayon sa titik m, s, a, i, at o) • Ipatukoy o pangalanan ang mga larawan na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o habang binibigyang-diin ang tunog ng mga titik. • Ipakita ang <i>word cards</i> ng mga larawang binilugan ng mga mag-aaral na nagsisimula sa titik m, s, a, i, at o. • Ipabasa at ipaulit ang mga salita sa mga mag-aaral.	aaral ang mga ito ayon sa isinasaad ng panuto. (Ayon sa titik m, s, a, i, o, e) • Ipatukoy o pangalanan ang mga larawan na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o, e habang binibigyang-diin ang tunog ng mga titik. • Ipakita ang <i>word cards</i> ng mga larawang binilugan ng mga mag-aaral na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o, at e. • Ipabasa at ipaulit ang mga salita sa mga mag-aaral.	(Ayon sa titik titik m, s, a, i, o, e, b) • Ipatukoy o pangalanan ang mga larawan na nagsisimula sa titik m,s,a,i,o,e,b habang binibigyang-diin ang tunog ng mga titik. • Ipakita ang <i>word cards</i> ng mga larawang binilugan ng mga mag-aaral na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o, e, at b. • Ipabasa at ipaulit ang mga salita sa mga mag-aaral.
Pagpapaunlad ng Katatasan sa Pagbasa at Pag-unawa Gamit ang Laro o Interaktibong Gawain (Fluency and Comprehension through Play-Based Practice) 5 min	“Hulaan Mo, Anong Tunog Ito?” • Maghanda ng mga kagamitan gaya ng mga larawan o <i>flashcards</i> ng mga bagay na nagsisimula sa m, s, a, at i (hal. mansanas, saging, aso, ilaw), Isang supot o kahon na may laman na mga larawan, at Letter cards ng m, s, a, i	“Hanapin at Itugma ang Titik!” • Maghanda ng mga kagamitan gaya ng mga larawan ng bagay na nagsisimula sa titik m, s, a, i, at o (hal. mesa, saging, aso, ilaw, oso), Letter cards: m, s, a, i, at o (malalaki at makukulay), <i>Velcro board</i>, <i>whiteboard</i>, o <i>sahig na puwedeng</i>	Letra Quest: Salitang Nawawala!” • Maghanda ng mga kagamitan gaya ng <i>flashcards</i> ng mga salitang may nawawalang titik (hal. _esa → mesa), <i>letter tiles/cards</i>: m, s, a, i, o, at e, <i>whiteboard</i> o <i>manila paper</i>, <i>timer</i> at <i>score sheet</i>.	Letra Laban: Salita, Tunog, at Talino!” • Maghanda ng mga kagamitan gaya ng letter cards (m, s, a, i, o, e, at b); picture cards o larawan ng mga bagay na nagsisimula sa mga naturang titik; <i>manila paper / whiteboard</i>, <i>timer</i> at <i>score chart</i> • Round 1: Ipakita ang isang larawan (hal.





	(mainam, malalaki at makukulay) - Magpabunot sa mag-aaral ng larawan na nasa kahon. Hulaan ang tunog: Hahawakan ng mag-aaral ang larawan (hal. saging) at sasabihin kung ano ito. Sabihin ang unang tunog: Ituturo ng mag-aaral ang unang tunog ng salita ("sss" para sa "saging"). Itapat sa tamang titik: Pipili ang mag-aaral mula sa <i>letter cards</i> ng tamang titik na tumutugma sa tunog. Bigyan ng puntos o papuri: Bibigyan ng <i>star</i> o masigabong palakpakan ang mag-aaral na nakatama ng sagot. Ulitin sa iba't ibang mag-aaral: Gawin ito nang salitan sa mga mag-aaral upang maging masaya at makilahok ang lahat.	pagdikitan ng larawan at titik at musika (opsiyonal para mas masaya) Ihanda ang mga larawan at mga titik. Ihiwalay ang mga ito at ikalat sa isang mesa o sa sahig. Bigyan ng tagubilin ang mga mag-aaral: <i>"Kapag pinatugtog ang musika, kayo ay maglalakad sa paligid. Kapag huminto ang musika, kukuha kayo ng isang larawan at hanapin ang titik nagsisimula sa tunog nito."</i> Itugma ang larawan sa tamang titik. Hal.: Larawan ng aso → Itutugma sa titik A. Pagkatapos ng bawat round, pag-usapan ang sagot: <i>"Ano ang nakuha mong larawan?"</i> <i>"Anong titik ang tunog nito?"</i>	Paglalaro: una, bumuo ng grupo na may 3-5 kasapi bawat isa. Ipakita ang incomplete word (nawawalang titik) gamit ang flashcard o sinulat sa board. Hal.: _esa s_ging _lepante m_sa _lan - Bawat grupo ay pipili mula sa mga <i>letter cards</i> at isasagot ang nawawalang titik sa loob ng itinakdang oras (hal. 10 segundo). - Kapag tama ang titik at tama ang salita, makakakuha ng puntos ang grupo. - Gawin ito nang maraming rounds. Maaaring dagdagan ng "bonus round" kung saan kailangang bumuo ng sariling pangungusap	mesa). Ang unang mag-aaral na makakataas ng kamay ay sasagot: Ano ang pangalan ng larawan? Anong titik ang unang tunog nito? - Tamang sagot = 1 punto. Round 2: "Bumuo ng Salita!" Bawat grupo ay bibigyan ng isang titik (hal. B). Sa loob ng 1 minuto, mag-iisip sila ng pinakamaraming salita na nagsisimula sa titik iyon. Hal. para sa B: bola, mag-aaral, bulaklak, bahay. Bawat tamang salita = 1 puntos. Round 3: "Salitang Misteryo" Ipapakita ang salitang may nawawalang titik. Hal.: 1. _ola → bola 2. _abae → babae 3. _ilya → silya - Ang unang makasasagot nang tama ay makakakuha ng puntos. Bonus Round: "Isang Pangungusap!"
--	--	---	---	--





		"Ano ang unang tunog ng salita?" ● Bigyan ng gantimpala o palakpakan ang mga nakatamang tugma/sagot.	gamit ang salitang nabuo.	Magbigay ng isang salita na nagsisimula sa isa sa mga <i>target</i> na titik. ● Ang mag-aaral ay bubuo ng makabuluhang pangungusap gamit ang salitang iyon. Hal.: Salita – ilaw. Pangungusap: "Ang ilaw sa silid-aralan ay maliwanag."
Pagsasanay sa Kamalayang Ponolohikal (Phonological Awareness Skill-Building) 13 min	● Bigkasin at ipaulit ang tunog ng mga titik sa mga mag-aaral. ● Bigkasin ang tunog ng titik at pagsasama ng mga tunog sa iba pang titik upang makabuo ng pantig. ○ /m/ /a/ → <i>ma</i> ○ /s/ /a/ → <i>sa</i> ○ /m/ /i/ → <i>mi</i> ○ /s/ /i/ → <i>si</i> ● Ituro ang pagbigkas ng mga tunog at pantig upang makabuo ng salita: /ma/ /is/ → <i>mais</i>	● Bigkasin at ipaulit ang tunog ng mga titik sa mga mag-aaral. ● Bigkasin ang tunog ng titik at pagsasama ng mga tunog sa iba pang titik upang makabuo ng pantig. ○ /m/ /o/ → <i>mo</i> ○ /s/ /o/ → <i>so</i> ● Bigkasin muna ang bawat salita mula sa payak na pangungusap. ● Ipakita ang pagbabasa ng pangungusap gamit ang mga nabuong salita.	● Bigkasin at ipaulit ang tunog ng mga titik sa mga mag-aaral. ● Bigkasin ang tunog ng titik at pagsasama ng mga tunog sa iba pang titik upang makabuo ng pantig. ○ /m/ /e/ → <i>me</i> ○ /s/ /e/ → <i>se</i> ○ /me/ /sa/ → <i>mesa</i> ○ /E/ /ma/ → <i>Ema</i> ● Bigkasin muna ang bawat salita mula sa payak na pangungusap.	● Bigkasin at ipaulit ang tunog ng mga titik sa mga mag-aaral. ● Bigkasin ang tunog ng titik at pagsasama ng mga tunog sa iba pang titik upang makabuo ng pantig. ○ /b/ /a/ → <i>ba</i> ○ /b/ /e/ → <i>be</i> ○ /b/ /i/ → <i>bi</i> ○ /b/ /o/ → <i>bo</i> ● Bigkasin muna ang bawat salita mula sa payak na pangungusap.





	/mi/ /sa/ → <i>misa</i> /sa/ /ma/ → <i>sama</i> /ma/ /ma/ → <i>mama</i> /si/ /si/ → <i>sisi</i> /ma/ /sa/ → <i>masa</i> /Si/ /sa/ → <i>Sisa</i> /a/ /ma/ → <i>ama</i> /i/ /sa/ → <i>isa</i> /i/ /sa/ /ma/ → <i>isama</i> /ma/ /mi/ → <i>mami</i> • Ipakita ang pagbabasa ng pangungusap gamit ang mga nabuong salita. Gabayan ang mag-aaral sa pagbuo ng salita. Gabayan din sa pagbabasa ng pangungusap kung kaya na.	Gabayan ang mag-aaral sa pagbuo ng salita. Gabayan din sa pagbabasa ng pangungusap kung kaya na. • Gabayan sa pagbabasa ang mag-aaral bilang grupo, dalawahan o 1-on-1 sa pagsasanay sa Gawain 3	• Ipakita ang pagbabasa ng pangungusap gamit ang mga nabuong salita. Gabayan ang mag-aaral sa pagbuo ng salita. Gabayan din sa pagbabasa ng pangungusap kung kaya na. • Gabayan sa pagbabasa ang mag-aaral bilang grupo, dalawahan o 1-on-1 sa pagsasanay sa Gawain 3	• Ipakita ang pagbabasa ng pangungusap gamit ang mga nabuong salita. Gabayan ang mag-aaral sa pagbuo ng salita. Gabayan din sa pagbabasa ng pangungusap kung kaya na. • Gabayan sa pagbabasa ang mag-aaral bilang grupo, dalawahan o 1-on-1 sa pagsasanay sa Gawain 3
--	--	--	---	---





	Sasama si mama sa misa. <i>Sino ang sasama sa misa?</i> Isasama si ama sa misa. <i>Saan isasama si ama?</i> May mami si Sima. <i>Ano ang dala ni Sima?</i> Isa ang mais. <i>Ilan ang mais?</i>	m.....O s.....O m...o s...O mo so a-mo a-so da-mo si-so I-mo ma-so Si-mo o-so aso ni Simo maso sa siso amo at aso Ang aso ni Simo ay si Imo. Si Imo ay nasa siso. May maso sa siso. May aso sa siso.	b e m e s e be me se be-be bebe A-be Abe me-sa mesa Se-se Sese ba-ba-e babae E-ba Eba bi-be bibe Eba at Sese bibe ni Abe mais sa mesa	b a b i b o ba bi bo a-ba aba i-ba iba ba-ba baba a-bo abo bi-bo bibo ba-o bao ba-sa basa ba-so baso ma-ba-ba mababa ma-sa-ma masama Si-sa Sisa mi-sa misa Si-ma Sima ma-is mais
Pagkilala at Pagkatuto ng Sight Words at Pagsasanay ng Katatasan sa Pagbasa (Sight Word Recognition and Fluency Practice)	Ang nakalaan na 5 minuto ay idinagdag sa ibang bahagi ng sesyon			





Pagtatapos/ Pagninilay sa Aralin (Closing/ Reflection)	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makapagmuni-muni sa kanilang natutuhan at nararamdaman sa sesyon . Maaari mong itanong ang sumusunod na tanong at i-proseso ang kanilang mga sagot. 1. Ano-ano ang ating natutuhan sa araw na ito? 2. Ano ang pinakamasayang bahagi ng ating pag-aaral? Bakit? 3. Anong bahagi ang higit kang nahirapan? Ano naman ang pinakamadali? 4. Ano ang higit na nakatulong upang maging mahusay tayong magbasa? Maaaring ipagawa ang simpleng pagtugon gamit ang mga <i>emoji</i> upang maihayag ang karanasan sa katapusan ng sesyon.	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makapagmuni-muni sa kanilang natutuhan at nararamdaman sa sesyon . Maaari mong itanong ang sumusunod na tanong at i-proseso ang kanilang mga sagot. 1. Ano-ano ang ating natutuhan sa araw na ito? 2. Ano ang pinakamasayang bahagi ng ating pag-aaral? Bakit? 3. Anong bahagi ang higit kang nahirapan? Ano naman ang pinakamadali? 4. Ano ang higit na nakatulong upang maging mahusay tayong magbasa? Maaaring ipagawa ang simpleng pagtugon gamit ang mga <i>emoji</i> upang maihayag ang karanasan sa katapusan ng sesyon.	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makapagmuni-muni sa kanilang natutuhan at nararamdaman sa sesyon . Maaari mong itanong ang sumusunod na tanong at i-proseso ang kanilang mga sagot. 1. Ano-ano ang ating natutuhan sa araw na ito? 2. Ano ang pinakamasayang bahagi ng ating pag-aaral? Bakit? 3. Anong bahagi ang higit kang nahirapan? Ano naman ang pinakamadali? 4. Ano ang higit na nakatulong upang maging mahusay tayong magbasa? Maaaring ipagawa ang simpleng pagtugon gamit ang mga <i>emoji</i> upang maihayag ang karanasan sa katapusan ng sesyon.	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makapagmuni-muni sa kanilang natutuhan at nararamdaman sa sesyon . Maaari mong itanong ang sumusunod na tanong at i-proseso ang kanilang mga sagot. 1. Ano-ano ang ating natutuhan sa araw na ito? 2. Ano ang pinakamasayang bahagi ng ating pag-aaral? Bakit? 3. Anong bahagi ang higit kang nahirapan? Ano naman ang pinakamadali? 4. Ano ang higit na nakatulong upang maging mahusay tayong magbasa? Maaaring ipagawa ang simpleng pagtugon gamit ang mga <i>emoji</i> upang maihayag ang karanasan sa katapusan ng sesyon.
--	---	---	---	---





Pagpapalalim ng Pagkatuto / Gawain sa Bahay (Enhancement of Learning /Home Reinforcement Activity)	“Mga Makikita sa Bahay” Sabihin sa mag-aaral na maglista o gumuhit ng limang bagay o tao na makikita sa loob ng kanilang bahay na nagsisimula sa titik m, s, a, at i. Ilagay ito sa isang malinis na papel o sa kuwaderno. Maaaring magpatulong sa mga miyembro ng pamilya sa paggawa ng gawain. Pagtitibay ng pagsasanay sa pagbabasa sa bahay: Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.	“Mga Makikita sa Paaralan” Sabihin sa mag-aaral na maglista o gumuhit limang bagay o tao na makikita sa loob ng kanilang paaralan na nagsisimula sa titik m, s, a, i at o. Ilagay ito sa isang malinis na papel o sa kuwaderno. Maaaring magpatulong sa mga miyembro ng pamilya sa paggawa ng gawain. Pagtitibay ng pagsasanay sa pagbabasa sa bahay: Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.	“Mga Makikita sa Barangay” Sabihin sa mag-aaral na maglista o gumuhit limang bagay o tao na makikita sa kanilang barangay na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o, at e. Ilagay ito sa isang malinis na papel o sa kuwaderno. Maaaring magpatulong sa mga miyembro ng pamilya sa paggawa ng gawain. Pagtitibay ng pagsasanay sa pagbabasa sa bahay: Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.	“Mga Makikita sa Lipunan/Bansa” Sabihin sa mag-aaral na maglista o gumuhit limang bagay o tao na nabibilang sa kanilang komunidad o bansa na nagsisimula sa titik m, s, a, i, o, e, at b. Ilagay ito sa isang malinis na papel o sa kuwaderno. Maaaring magpatulong sa mga miyembro ng pamilya sa paggawa ng gawain. Pagtitibay ng pagsasanay sa pagbabasa sa bahay: Hikayatin ang mag-aaral na basahin muli ang mga salitang natutuhan kasama ang miyembro ng pamilya at magamit sa araw-araw na pakikipag-usap.
--	---	--	--	---





ARAL-Reading	☒ Basic	KEY STAGE	☒ 2 ☐ 3	Intervention Week	2
Focus	Phoneme Manipulation + Diphthongs			Language	☒ Filipino ☐ English

MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO (TUTORIAL PROCEDURES)				
	UNANG SESYON SESSION ONE	IKALAWANG SESYON SESSION TWO	IKATLONG SESYON SESSION THREE	IKAAPAT NA SESYON SESSION FOUR
Pokus na mga Titik, Tunog at Salita (Focus Letter/ Sound/Word)	Titik at Tunog: Uu Sight Word: ang	Titik at Tunog: Tt at Kk Sight Word: mga	Titik at Tunog: Ll at Nn Sight Word: sa	Titik at Tunog: Gg Sight Words: ito at ay
Mga Layunin (Objectives)	1. Nakikilala ang titik Uu at mabigkas ang tamang tunog nito 2. Nagagamit ang aliterasyon sa pagbigkas ng mga parirala / salita na may /u/ 3. Nababasa ng tama ang sight word na "ang" kasama ang mga larawang nagsisimula sa /u/	1. Nakikilala ang mga titik Tt at Kk at mabigkas ang wastong tunog ng mga ito. 2. Nababasa ang mga nabuong pantig at salita na may /k/ at /t/ kasama ang mga titik na napag-aralan na. 3. Naisasagawa ang kinakailangang kilos sa pagbibigay-diin sa mga salitang may aliterasyon. 4. Nagagamit nang wasto ang sight word	1. Nakikilala ang mga titik Ll at Nn at mabikas ang tamang tunog ng mga ito. 2. Nababasa ang mga nabuong salita na may /l/ at /n/ kasama ang mga napag-aralang titik. 3. Nakikilala ang mga salitang may aliterasyon 4. Nagagamit nang tama ang sight word na "sa" sa pangungusap.	1. Nakikilala ang titik Gg at mabigkas ang tamang tunog nito. 2. Nababasa ang mga salita at pangungusap na may /g/ kasama ng mga titik napag-aralan na. 3. Nakikilala ang mga salitang may aliterasyon na nagsisimula sa /g/. 4. Nagagamit nang wasto ang sight words na "ito" at "ay" sa





		na “mga” sa pagbasa at pagbigkas ng mga salita.		pagbasa at pagbuo ng pangungusap.
Mga Kagamitan (Materials)	• <i>flashcards</i>: - titik U, at u, - sight word na “ang” - M, m, S, s, A, a, I, i, O, o, B, b, E, e • kahon, <i>tray</i> o <i>basket</i> • Mga larawan: ulap, ulan, upo, ubas, usa, ugat, unggoy, Ume, Ursula at larawan ng mga damdamin • <i>Learning Activity Sheet</i> para sa pagsasanay	• <i>flashcards</i>: - T at t, K at k, - sight word “ang” at “mga” - M, m, S, s, A, a, I, i, O, o, B, b, E, e, U, u • <i>pocket chart</i> • kahon o <i>basket</i> • kuwento: ““Ang Kamatis ni Peles” https://www.youtube.com/watch?v=BdgjiwWpcZc • video ng awit “Kung Ikaw ay Masaya”: https://www.youtube.com/watch?v=d_lvS7qrrPE&list=RDd_lvS7qrrPE&start_radio=1 • larawan ng kamatis • <i>Learning Activity Sheet</i>	• larawan ng mga mag-aaral na nangangarap na maging <i>community helpers</i> sa kanyang paglaki • <i>flashcards</i>: - L, l, N, at n - sight word “sa” - M, m, S, s, A, a, I, i, O, o, B, b, E, e, U, u, T, t, K, k • larawan: Lina, Lino, laso, loro, lobo, labi, nars, nunal, noo, Nika • <i>Learning Activity Sheet</i> para sa pagsasanay	• mga <i>t-shirt</i> na papel na nakasulat ang mga napag-aralang salita • <i>minus one</i> ng <i>Twinkle Twinkle Little Star</i> • larawan: Gina, gatas, ginto, gagamba, gusali, gitara, gunting, gamot, gulong, guro, gulay goma • <i>flashcards</i>: - G at g - sight word “ito” at “kay” - M, m, S, s, A, a, I, i, O, o, B, b, E, e, U, u, T, t, K, k, L, l, N, n • <i>pocket chart</i> • <i>flashcards</i> bag gamot gamit galit sugat gabi gutom goma gusali nilaga gatas gitara gagamba





				• <i>Sentence strips</i> 1. Malalaki ang mga gagamba sa gubat. 2. May gagamba sa bag ni Gani. 3. Natakot si Gina sa gagamba. 4. Iniabot ni Gani kay Gina ang gulaman. 5. Uminom ng gatas sina Gani at Gina. • <i>Power Point presentation</i> ng mga pangungusap • <i>callout cards / bingo cards</i> • Kahon • <i>Learning Activity Sheet</i>
Panimula at Sosyo-Emosyonal na Gawain	Pagbati Sabihin: <i>"Isang mainit na pagbati sa inyong lahat. Nais kong malaman ang inyong</i>	Pagbati Sabihin: <i>Isang mapagpalang umaga sa ating lahat. Lubos akong masaya na kayo ay kasama ko ngayon. Nais</i>	Pagbati Sabihin: <i>"Magandang araw...magandang buhay sa inyong lahat! Napakaganda ng buhay lalo na kung tayo ay may</i>	Pagbati Sabihin: <i>"Ako ay nagagalak dahil magkakasama tayo ngayon! Kumusta kayo?"</i>





(Opening Routine and Socio-Emotional Warm-Up) 5 min	<i>damdamin sa araw na ito."</i> Pagganyak ng Damdamin Ipakita ang larawan ng mga emosyon. Bawat mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataong tapikin ang larawang nagpapakita ng kanyang emosyon Sabihin: "Narito ang mga larawan ng ibat'ibang damdamin. Pumunta sa harap at tapikin ang larawan upang ipakita ang iyong damdamin." Base sa damdamin na pinili ng mag-aaral, tanungin kung bakit iyon nararamdaman at maki-empathize sa kanilang nararamdaman.	<i>kong ipakita ang aking damdamin sa pamamagitan ng pag-awit. Maaari nyo ba akong sabayang kumanta?</i> Pagganyak ng Damdamin Pag-awit: Kung Ikaw ay Masaya Itanong: "Ano-ano ang mga ginawa nating kilos kasabay ang emosyon na nabanggit?" Maaaring gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot, pagsayaw, at pagkatan. Maaaring magtanong ng iba pang kilos na maipapares sa emosyon (hal. masaya = pumalampak, malungkot = yumakap ng kaibigan, etc.)	<i>mga pangarap na nais matupad."</i> Pagganyak ng Damdamin Ipakita isa-isa ang bawat larawan ng mga mag-aaral at <i>community helpers</i> na kanilang pinapangarap. Itanong: <i>Ito si Riza, ano kaya ang kanyang pangarap?</i> <i>Ito naman si Lino, ano ang nais niyang "maging sa kanyang paglaki? (isa-isahin ang mga nasa larawan)</i> <i>Ikaw, ano ang gusto mo makamit sa pagtanda mo o ano ang pangarap mo? Bakit?</i>	<i>Ako ay may inihandang laro para sa araw na ito."</i> Pagganyak ng Damdamin Laro: <i>Shopping Time</i> Maaari nilang bilhin ang isa o dalawang T-shirt kapag ito ay kanilang nabasa Sabihin: <i>Tayo ay maglalaro ng Shopping Time. Dala-dalawa kong tatawagin ang magkakamping manlalaro upang isagawa ang pagsha-shopping.</i> Pumili ng <i>t-shirt</i> na nais bilhin. Kinakailangang mabasa ang salitang nasa <i>t-shirt</i> upang ito ay makuha. Kapag nahihirapan ay maaaring
---	--	---	---	---





				magpatulong sa iyong katambal. Maaari din gabayan ng guro ang pagbabasa ng mag-aaral. Gamitin itong pagkakataon upang mabalikan ang mga <i>reading strategies</i> na itinuro sa pagbabasa ng pantig at salita.
Pakikinig at Pagpapaunlad ng Wika Gamit ang Pagkukuwento (Listening and Language Development through Storytelling) 10 min	Mga Gawain Bago Makinig sa Kuwento 1. Mga susing-salita: Pag-usapan ang kahulugan ng mga sumusunod na salita. Maaaring gumamit ng mga larawan upang mas madaling matukoy ang kahulugan: • patak-ulan • naglalambitin • nagbibilad 2. Pagganyak	Mga Gawain Bago Makinig 1. Mga susing-salita: nagliwaliw tiyaga nagbulakbol kabarkada 2. Pagganyak Magpakita ng larawan ng kamatis. Ipasabi ang mga magagandang katangian ng kamatis	Mga Gawain Bago Makinig 1. Mga susing-salita: Pag-usapan ang kahulugan ng mga mahihirap na salita. Binibigyan ni nanay ng sapat na oras at atensyon ang kanyang mga anak. Siya ay: - mapagmahal - matalino Ipinapahiram ni Lito ang kanyang mga laruan sa	Mga Gawain bago Makinig 1. Mga susing-salita: Pag-usapan ang kahulugan ng mahihirap na salita sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan: goma, gusali, ginto 2. Pagganyak





	Ipakita ang larawan ng ulan. <u>Itanong:</u> “Ano ang nararamdaman ninyo tuwing umuulan? Bakit?” 3. Pagganyak na Tanong <u>Itanong:</u> “Ano kaya ang nararamdaman nina Ume at Ursula sa wakas ng kuwento?” 4. Pagbibigay ng Gawain Habang Nakikinig sa Kuwento - Tahimik na umupo nang maayos. - Unawain ang pinapakinggan. Basahin ang kuwentong “Mga Munting Patak Ulan” by Margarita R. Gelacio (p.1, LAS) Mga Gawain Pagkatapos Makinig sa Kuwento	3. Pagganyak na Tanong Paano inalagaan ni Peles ang kanyang mga kamatis? Pakikinig o Panonood ng Kuwento “Ang Kamatis ni Peles” https://www.youtube.com/watch?v=BdgjiwWpcZc Mga Gawain Pagkatapos Makinig 1. Pagsagot sa pagganyak na tanong diniligan, tinirikan ng kandila, binasahan ng kuwento, inawitan, inalis ang mga damo 2. Pagtalakay - Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Sino ang kaibigan niya? - Ano ang magagandang katangian ni Peles? Bakit ito maganda?	kanyang nakababatang kapatid. Siya ay: - makasarili - mapagbigay nunal at pasyente Maaaring gumamit ng mga larawan upang mas madaling matukoy ang kahulugan. Pagganyak Sabihin: “Ngayon ay makinig kayo sa kuwento tungkol sa isang nars.” Pagganyak na Tanong Sabihin: Alamin kung paano ipinakita ni Lina ang kanyang pagiging mapagbigay at mapagmahal. Pakikinig sa kuwento Si Lina By: Margarita R. Gelacio (p.1, LAS)	Ano ang inyong naramdaman noong nabasa ninyo ang mga salitang nakasulat sa t-shirt? 3. Pagganyak na tanong Sino ang nagbasa? 4. Pagbibigay ng Gawain Habang Nakikinig sa Kuwento Ano ang dapat gawin tuwing tayo ay nakikinig? - Tahimik na umupo nang maayos - Makinig nang mabuti at unawain ang pinapakinggan Pag-awit sa Kuwento Tono: Twinkle Twinkle Little Star Background music: https://www.youtube.co
--	---	---	---	---





	1. Pagsagot sa Pangganyak na tanong Naging masaya si Ursula sa wakas ng kuwento dahil sa pagdilig ng ulan sa kanyang mga pananim. 2. Pagtalakay sa Kuwento <u>Itanong:</u> 1. Saan nakatira ang mga munting patak-ulan? 2. Bakit kailangan nilang bumaba sa lupa? 3. Saan-saan bumagsak ang mga mumunting patak ulan? 4. Matapos niyang makita ang kanyang tanim na, ano ang naisip niya? 5. Ano ang naramdaman ni Ursula sa wakas ng kuwento? 6. Ikaw, ano ang iyong nararamdaman tuwing umuulan?	3. Ilang araw bago tumubo ang malalaking kamatis ni Peles? 4. Anong araw binasahan ng tula ni Peles ang mga tanim niya? (magtanong din tungkol sa ibang araw) 5. Ano ang payo ni Peles sa kaibigan niyang si Hugo tungkol sa pagtatanim? 6. Nakapagtanim ka na ba? Ano ang mga naitanim mo na o gusto mo itanamin?	Mga Gawain Pagkatapos Makinig sa Kuwento 1. Pagsagot sa Pangganyak na Tanong: • Ipinakita niya ang pagiging pagmamahal at mapagbigay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bagay na nakakatuwa ng kanyang mga pasyente. 2. Pagtalakay sa Kuwento 1. Sino ang pangunahing tauhan sa ating kuwento? 2. Ano ang hanapbuhay ni Lina? 3. Paano mo siya makikilala? 4. Ano ang ibinigay niya kay Lino? 5. Ano ang natanggap ni Nika? 6. Sino ang binigyan niya ng laso? 7. Paano kaya nalaman ni Lina ang mga paborito	m/watch?v=70eCHHov6UA&list=RD70eCHHov6UA&start_radio=1 Gg Si Gina ay nagbasa. Pakinggan ang binasa niya. gatas, ginto, gagamba, gusali, at gitara gunting, gamot, at gulong guro, gulay at goma (Ulitin) Maaaring awitin ng guro, mag-imbata ng aaawit o iparinig ang <i>recorded version</i>. Huwag ipilit sa mag-aaral na basahin ang <i>lyrics</i> dahil hindi pa nila ito mababasa,
--	---	---	--	--





	7. Ano ang masama at mabuting dulot ng ulan?		ng bawat mag-aaral na pasyente? 8. Ano ang nangyari sa mga mag-aaral na nakatanggap ng mga regalo? 9. Bakit binigyan ni Lina ng regalo ang mga mag-aaral? 10. Kung ikaw si Lina, gagawin mo rin ba ang ginawa niya? Bakit? 11. Kung ikaw ay isa sa mga mag-aaral na pasyente, paano mo siya pasasalamat?	subalit hayaan sila makasabay sa pag-awit. Pagtalakay sa kuwentong awit 1. Sino ang nagbasa? 2. Ano-ano ang mga salitang nabasa niya? 3. Ano kaya ang naramdaman niya habang siya ay nagbabasa? 4. Gusto mo rin bang makabasa? 5. Paano mo ito gagawin? 6. Kung ikaw ay marunong magbasa, paano mo tutulungang makabasa ang mga mag-aaral na hindi marunong magbasa?
--	---	--	---	--





Tahasang Pagtuturo ng Tunog ng Titik at Gamit ng mga Salita (Explicit Phonics and Word Work Instruction) 15-20 min	Pag-uugnay ng Bagong Aralin sa Binasang Kuwento Hikayatin ang mag-aaral na tukuyin ang mga salitang nagsisimula sa /u/ mula sa kuwentong narinig ulap, ulan, upo, ubas, usa, ugat, unggoy, Ume, Ursula Itanong: <i>"Anong tunog ang narinig ninyo sa unahan ng mga salita?"</i> Pagmomodelo at Pagpapaliwanag ng Pagbigkas ng Tunog Pagmomodelo ng guro kung paano bigkasin ang tunog ng titik /u/ at pagbibigay diin sa posisyon ng labi, ngipin at dila habang binibigkas ang /u/	Tt Pag-uugnay ng Bagong Aralin mula sa Binasang Kuwento Sabihin: <i>"Makinig habang binabasa ko ang mga salitang ginamit sa kuwentong inyong pinakinggan."</i> tula, tiyaga, tanim Itanong: <i>"Ano ang unang tunog na ating marinig sa mga salitang binasa ko? (ulitin ang salita kung kinakailangan at bigyan diin ang unang tunog)"</i> Pag-modelo sa pagbigkas ng tunog ng titik T: Ipakita ang mga Titik T at t. Bigkasin ang tunog /t/. Pag-usapan ang posisyon ng	Ll Pag-uugnay ng bagong aralin sa Binasang Kuwento Ipakita ang mga larawang nagsisimula sa /l/ mula sa binasang kuwento Lina, Lino, laso, loro, lobo, labi Itanong: <i>"Ano ang unang tunog ng mga salitang aking binanggit?"</i> Maaaring ulitin ang mga salita ng may diin ang unang tunog upang mas marinig at matukoy ito ng mga mag-aaral. Pag-modelo sa pagbigkas ng tunog ng L: Ipakita ang titik Ll. Bigkasin ang tunog ng titik L na /l/. Pag-usapan ang posisyon ng labi, ngipin at dila kapag binibigkas ng tunog na /l/.	Pag-uugnay ng Bagong Aralin sa Binasang Kuwento Itanong: <i>Ano-ano ang mga salitang nabasa niya?</i> Ipakita ang larawan ni Gina gayundin ang mga larawan ng mga salitang nabasa niya gatas, ginto, gagamba, gusali, gitara, gunting, gamot, gulong, guro, gulay at goma Itanong: <i>Anong tunog ang narinig ninyo sa unahan ng mga salita?</i>
---	---	---	---	--





	<i>"Makinig at tingnan ang aking bibig habang sinasabi ko ang tunog ng titik ito: /u/.../u/.../u/"</i> Sabihin: Labi: Ang mga labi nakausli na parang bumubuo ng isang maliit na bilog. Ang mga sulok ng labi ay magkadikit o halos magkadikit. Ngipin: Ang mga ngipin ay bahagyang magkalayo upang payagan ang daloy ng hangin. Dila: Ang dila ay hindi dapat dumampi sa mga ngipin. Ang likod ng dila ay nakataas at nakalapit sa bubong ng bibig, malapit sa likuran ng itaas na ngipin. Ito ang pangunahing bahagi ng bibig na bumubuo sa	dila, ngipin at labi kapag binibigkas ang tunog /t/ <i>"Makinig at tingnan ang aking bibig habang sinasabi ko ang tunog ng titik ito: /t/.../t/.../t/"</i> Ang pagbigkas ng /t/ ay nagsasangkot ng isang saglit na pagbara ng hangin sa pamamagitan ng pagdikit ng dulo ng dila sa likod ng mga itaas na ngipin, at pagkatapos ay isang biglaang pagpapalabas ng hangin. Ang mga labi ay nananatiling relaxed at bahagyang nakabuka. Pagbigkas ng Tunog /t/ Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbigkas ng tunog /t/: pangkatan, dalawahan at isahan	Sabihin: <i>"Makinig at tingnan ang aking bibig habang sinasabi ko ang tunog ng titik ito: //...//...//"</i> Posisyon ng mga labi ngipin at dila sa pagbigkas ng /l/ Labi: Ang mga labi ay nasa isang relaxed at bahagyang nakabukang posisyon Ngipin: Ang mga ngipin ay hindi dapat magkadikit. Dila: Ang dulo ng dila ay dumadampi sa likod ng mga itaas na ngipin, malapit sa alveolar ridge (ang bahagi ng bubong ng bibig na nasa likod mismo ng mga ngipin). Gayunpaman, hindi ito dapat isang matigas na pagkakadikit tulad ng sa /t/ o /d/. Mayroong bahagyang agwat sa pagitan ng dila at ngipin, na nagpapahintulot sa daloy ng	Pag-modelo sa pagbigkas ng tunog ng G: Pagmomodelo ng guro kung paano bigkasin ang tunog ng titik g at pagbibigay diin sa posisyon ng dila habang binibigkas ang /g/ Isinasagawa ang pagbara ng daloy ng hangin sa likod ng bibig gamit ang likod ng dila, at pagkatapos ay biglaang pagpapalabas ng hangin Pagbigkas ng Tunog Gabayan ang mga mag-aaral Sa pagbigkas ng tunog /g/: buong klase, pangkatan at isahan Maaaring magpagamit ng maliit na salamin ang
--	---	--	---	---





	<i>tunog. Ang pag-angat ng dila ay lumilikha ng makitid na daanan para sa hangin, na nagreresulta sa tunog na /u/.</i> Pagbigkas ng Tunog Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbigkas ng tunog /u/: buong klase, pangkatan at isahan Pagkilala sa Titik Itanong: <i>Anong titik ang may tunog na /u/?</i> Idikit sa pisara ang titik U at u. Sabihin ang pangalan ng mga titik ipinakita. Pagsulat ng Titik Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik	Maaaring magpagamit ng maliit na salamin ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbigkas ng tunog. Pagkilala sa Titik Itanong: <i>Anong titik ang may tunog /t/?</i> Ipakita ang titik T at t. Sabihin ang pangalan ng mga titik Kk Pag-uugnay ng kuwento sa Bagong Aralin Ipakita ang mga larawan na nabanggit sa kuwento: kamatis, kabarkada, Sabihin ang pangalan ng bawat larawan Itanong: <i>"Ano ang unang tunog na ating maririnig sa</i>	<i>hangin sa gilid ng dila. Ang hangin ay lumalabas sa gilid ng dila, na lumilikha ng tunog na /l/.</i> Pagamitin ng salamin ang mga mag-aaral upang maikumpara nila ang kanilang mga labi, dila at ngipin sa galaw na ipinakita ng guro. Pagbigkas ng Tunog Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbigkas ng tunog /l/: Buong klase, pangkatan at isahan Pagkilala sa Titik Itanong: <i>"Anong titik ang may tunog na /l/?"</i> Idikit sa pisara ang titik L at l. Purihin ang mag-aaral na nakapagbigay ng tamang sagot.	mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbigkas ng tunog. Pagkilala sa Titik Itanong: <i>"Anong titik ang may tunog na /g/?"</i> Idikit sa pisara ang titik G at g. Sabihin ang pangalan ng mga titik ipinakita Pagsulat ng Titik Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusulat ng titik Gg sa hangin, sa palad, sa pisara, at sa papel.
--	--	--	--	--





	Uu sa hangin, sa palad, sa pisara at sa papel.	<i>mga salitang binasa ko?"</i> <i>(ulitin ang salita kung kinakailangan at bigyan diin ang unang tunog).</i> Pag-modelo sa pagbigkas ng tunog ng K: Bigkasin ang tunog ng. Pag-usapan ang posisyon ng dila, kapag binibigkas ang tunog /k/. <i>"Makinig at tingnan ang aking bibig habang sinasabi ko ang tunog ng titik ito: /k/.../k/..../k/"</i> Gabay para sa guro: Ang likod ng dila (ang bahagi malapit sa likuran ng dila) ay dumadampi sa malambot na palad velum) sa likod na bahagi ng bubong ng bibig. Ito ang bumubuo sa pagbara ng hangin. Ang pagkakadikit ng	Nn Ipaskil sa pisara ang mga larawang nabanggit sa kuwento. Sabihin ang pangalan ng bawat larawan: nars, nunal, noo, Nika Itanong: <i>"Ano ang panimulang tunog ng mga pangalang aking binigkas?"</i> Pagmodelo sa pagbigkas ng tunog ng N: Ipakita ang titik N at n. Sabihin: <i>"Makinig at tingnan ang aking bibig habang sinasabi ko ang tunog ng titik ito: /n/.../n/.../n/"</i>	
--	---	--	--	--





		dila sa velum ay dapat na matatag upang makalikha ng malinis na tunog /k/. Pagkatapos ng pagbara, ang hangin ay biglang inilalabas, na lumilikha ng tunog. Pagbigkas ng Tunog /k/ Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbigkas ng ang tunog /k/: pangkatan, dalawahan at isahan. Maaaring magpagamit ng maliit na salamin ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbigkas ng tunog. Pagkilala sa Titik • Itanong: Anong titik ang may tunog /k/? • Idikit sa pisara ang mga titik K at k. Sabihin ang pangalan ng mga titik.	Pag-usapan ang posisyon ng mga labi, ngipin at dila sa pagbigkas ng tunog /n/. Labi: <i>Ang mga labi ay nasa isang relaxed at bahagyang nakabukang posisyon.</i> Ngipin: <i>Hindi sila dapat magkadikit.</i> Dila: <i>Ang dulo ng dila ay dumadampi sa likod ng mga itaas na ngipin, o sa alveolar ridge (ang bahagi ng bubong ng bibig na nasa likod mismo ng mga ngipin). Ito ay bumubuo ng isang bahagyang pagbara ng daloy ng hangin. Gayunpaman, hindi ito isang kumpletong pagbara tulad ng sa /t/ o /d/. Ang hangin ay lumalabas sa ilong, na lumilikha ng tunog na /n/. Ang pagkakadikit ng dila ay dapat na malinaw upang makalikha ng malinis na tunog.</i>	
--	--	---	---	--





		Pagsulat ng Titik Magkaroon ng maikling pagsasanay sa pagsulat ng titik Tt at Kk sa hangin, palad, pisara o papel.	Pagbigkas ng Tunog /n/ Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbigkas ng tunog /n/: Buong klase, dalawahan at isahan. Maaaring magpagamit ng maliit na salamin sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbigkas ng tunog /n/. Pagkilala sa Titik Itanong: <i>Anong titik ang may tunog na /n/?</i> Idikit sa pisara ang mga titik N at n at purihin ang mag-aaral na nakapagbigay ng tamang sagot. Pagsulat ng Titik Ipasulat ang maliit at malaking titik Nn sa hangin, palad, pisara at papel.	
--	--	--	--	--





Pagpapaunlad ng Katatasan sa Pagbasa at Pag-unawa Gamit ang Laro o Interaktibong Gawain (Fluency and Comprehension through Play-Based Practice) 5 min	Letter Hunt Game Ihalo ang mga titik u sa mga titik napag-aralan na. Maaaring nasa iisang malaking <i>tray</i> ang mga ito o nakadisplay sa <i>pocket chart</i>. Isahan o may <i>partner</i>, kukunin ng mag-aaral ang titik u at bibigkasin ang tunog nito. Ang mauunang matapos ang mananalo sa laro.	/t/ o /k/ (isahan o dalawahanan) • Ilagay sa pocket chart ang iba't ibang larawan na may tunog ng /k/ at /t/. Ang bawat mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataong pumili at magbasa ng mga larawan. Dapat nila banggitin ang salita upang mabigay ang tunog. Kapag nabasa ang larawan, ilalagay ito sa kahon o basket na may label na Kk o Tt. • Bigyan ng pagkakataon ang lahat ng mag-aaral na makasubok.	Magkarera Tayo! Mga Kailangan: • isang <i>board game</i> ng laro na may mga kahon na may nakasulat na mga salita • mga pamato (<i>game pieces</i>) para sa bawat manlalaro • <i>dice</i> Panuto: Paghahanda: Ilagay ang inyong mga pamato sa kahon na may markang "Simula" o "Start". Pagtapon ng Dice (Sino ang Mauuna?): Bago magsimula, ihagis ang dice. Ang manlalaro na may pinakamataas na bilang ang unang maglalaro. Paglalaro: • Sabihin: "Ihagis ang <i>dice</i> sa inyong turn. Ilipat ang inyong pamato sa bilang ng mga kahon na	Call Out Cards (Bingo) Ang <i>call out cards</i> ay maaaring nakahanda na o maaaring blangko at hayaan ang mga mag-aaral na maglista ng mga salitang binasa sa <i>flashcard</i> (may g kasama ang mga titik napag-aralan na. Magbigay ng panuntunan sa disenyo na kailangang mabuo. Maaari ring <i>blackout</i> ang gamiting <i>pattern</i> Ilagay sa kahon ang mga <i>flashcards</i>. kumuha ng isa at basahin ito nang malakas. Idikit sa piasara o ilagay sa pocket chart ang mga binasang <i>flashcards</i>.
--	---	--	---	--





			katumbas ng bilang na lumabas sa <i>dice</i>.” Pagbasa: “Basahin nang malakas at tama ang salita na nasa kahon kung saan natapat ang inyong pamato. Kung tama ang pagbasa, manatili sa inyong posisyon. Kung mali, kinakailangan ninyong bumalik sa kahon na inyong pinanggalingan at subukang muli.” Pagkapanalo: Ang unang manlalaro na makarating sa <i>finish line</i> ang siyang panalo.	Lalagyan ng tsek ang kahong nagtataglay ng salitang ipinakita ng guro. Ang unang makakabuo ng disenyo o unang makakapuno (depende sa <i>pattern</i> na ibinigay ng guro) ang siyang mananalo
Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Kamalayang Ponemiko (Phonological Awareness Skill-Building)	Alliteration Practice: Sabihin: <i>“Makinig sa mga pariralang babasahin ko at i-tap ang mesa/desk kapag magkatulad ang panimulang tunog ng mga salita.”</i>	Pagbabalik-aral sa mga Titik at Salita mula sa Nakaraang Sesyon • Ipabigkas ang tunog ng mga titik nakasulat sa flashcards: <i>“Bigkasin ang tunog ng mga titik sa aking flashcards.”</i>	Pagbabalik-aral sa mga Titik at Salita mula sa Nakaraang Sesyon • Ipabigkas ang tunog ng mga titik nakasulat sa flashcards • Sabihin: <i>“Bigkasin ang tunog ng mga titik sa aking flashcards.”</i>	Pagbabalik-aral sa mga Titik at Salita mula sa Nakaraang Sesyon <i>Letter Walk</i> Pumila at libutin ang mga dingding ng silid-aralan. Ipabigkas ang tunog ng





10 min	susi ni Simon (<i>tap</i>: susi, Simon) bumili ng baso (<i>tap</i>: bumili at baso) biik ni Bimbo (<i>tap</i>: biik, Bimbo) mais ni Mama (<i>tap</i>: mais, Mama)	M S A I O B E U m s a i o b e u • Ipabasa rin ang ilang salitang napag-aralan na. • Sabihin: “<i>Subukin natin basahin ang mga salitang nasa flashcards. Ito ay mga salita na napag-aralan na natin</i>” <i>mais, babae, bibe, saba, Eba</i> Pagbuo ng mga Pantig na may t at mga Titik Napag-aralan na Gumamit ng flashcards o letter tiles kapag may mga mag-aaral pang nahihirapang mag-decode. I-model ang tamang pag-blend ng mga tunog upang makagawa ng pantig at mga salita, saka gawin ng sabay, at ipasubok sa kanila ang skill.	M S A I O B E U T K m s a i o b e u t k • Sabihin: “<i>Subukin natin basahin ang mga salitang nasa flashcards. Ito ay mga salita na napag-aralan na natin</i>” kama, butiki, kisame baka, kubo, butas, keso, tama, tasa, lobo, tuka, kabibe, kumot Pagbuo ng mga pantig na may l, n, at mga titik napag-aralan na • Gumamit ng flashcards o letter tiles kapag may mga mag-aaral pang nahihirapang mag-decode. I-model ang tamang pag-blend ng mga tunog upang makagawa ng pantig at mga salita, saka gawin ng sabay, at ipasubok sa kanila ang skill. • Ipasubok sa mga mag-aaral ang pagbuo ng mga salita	mga titik nakadikit sa dingding. M S A I O B E U T K L N m s a i o b e u t k l n <i>Fruit Picking</i> Sabihin: Pitasin ang bunga at basahin ang salitang nakasulat dito: lobo, kalesa, kulambo , lolo lola, lata, tala, luma, nunal, lamok, bola, bala, lababo, laso, labi, lalaki, Lisa, bota, bilao, bulaklak, talaba, ulo, ulam, ulit, una, mani, mana, mantika, manika, Ipabasa ang mga salitang may /g/ kasama ng mga titik napag-aralan na.
--------	---	--	---	---





		t a ta at te it ti tu tim tas mit mis mat bit Pagbuo ng mga salitang may titik t, k, at mga titik napag-aralan na • Ipasubok sa mga mag-aaral ang pagbuo ng mga salita mula sa mga pantig na napag-aralan na (pumili lamang ng ilan salita upang hindi ma-overwhelm ang mga mag-aaral, lalo na ang mga struggling readers). Hal.: kama, butiki, kisame, baka, kubo, butas, keso, tama, tasa, mata, tama, tabo, kuko, tutubi, mag-aaral, bote, tuta, buto, bato, butas, atis, tama,buko, kuko, biko,	mula sa mga pantig na napag-aralan na (pumili lamang ng ilan salita upang hindi ma-overwhelm ang mga mag-aaral, lalo na ang mga struggling readers) . Hal.: lobo, kalesa, kulambo , lolo lola, lata, tala, luma, nunal lamok, bola, bala, lababo, laso, labi, lalaki, Lisa, bota, bilao, bulaklak, talaba, ulo, ulam, ulit, una, mani, mana, mantika, manika	Gumamit ng flashcards o letter tiles kapag may mga mag-aaral pa na nahihirapan sa pag-decode. I-model ang tamang pag-blend ng mga tunog upang makagawa ng pantig at mga salita, saka gawin ng sabay, at ipasubok sa kanila ang skill.
			Alliteration Practice Ipaliwanag sa klase na may babasahin ang guro na mga salita na may mga tunog na /n/ at /l/. Kapag narinig nila ang salita na may /n/, tatayo sila. Kapag may /l/ naman ay papalakpak sila ng dalawang beses.	Sabihin: Makinig kung paano ko babasahin ang mga salitang nasa flashcards.
			1. sina Nena at Nita (tatayo sa Nena at Nita) 2. may laso at lobo	bag gamot gamit galit sugat gabi (night) gutom guya gabi (halaman) gusali nilaga gagamba goma gatas gitara ginto gitna gulaman





		bukas, butas, kamiseta, suka, itak, biik, takbo, kamatis • Maaaring <i>i-model</i> sa mga mag-aaral ang wastong at may diin na pagbabasa ng mga salita. Laro (Pagsasanay): <i>Read and step Forward:</i> Ang makakabasa ng tama sa mga salita na ipapakita ng guro ang siyang hahakbang papunta sa harap. Ang unang mag-aaral na makarating sa unahan ang panalo. Paalala: Bigyan pansin din ang <i>effort</i> ng mga mag-aaral na hindi nakahakbang o nahirapan. Gawin ito upang mas mabigyan pa ng pag-aalalay ang kanilang pagbabasa sa	(tatayo sa laso at lobo) 3. May laman ang lata (tatayo sa laman at lata) 4. ang nunal ni Nina (tatayo sa nunal ni Nina) 5. ang limang lamok (tatayo sa lima at lamok)	Basahing muli at hayaaang gayahin ng mga mag-aaral ang tamang paraan ng pagbasa. Laro: Word Relay Panuto: Pagpangkatin at papilahin ang mga mag-aaral. Dapat ay magkapareho ang bilang ng miyembro ng bawat grupo. Ang bawat mag-aaral na magkakanay ay kukuha ng isang <i>flashcard</i> na nasa <i>tray</i>. Magpapaunahan sa pagbasa ang mga manlalaro ng bawat grupo. Ang mga <i>tray</i> ay nasa unahan ng pila ng bawat grupo. Kapag nabasa na ang salita ay maaari na niyang <i>i-tap</i>
--	--	---	--	--





		pamamagitan ng iba pang gawain o <i>1-on-1</i>. • Ipasagot ang <i>Gawain 1 sa Learning Activity Sheet</i>. Isulat ang pangalan ng larawan.		ang kasunod na manlalaro. Ang unang grupong matatapos ang tatanghaling panalo. Pagsagot sa Learning Activity Sheet Activity 1 Basahin ang mga salita. Bilugan ang pangalan ng larawan. Alliteration practice Sabihin: <i>Ipaliwanag sa klase na may babasahin ang guro na mga pangungusap na may mga tunog na /g/. Kapag narinig nila ang salita na may /g/, tatalon sila at mananatiling nakaupo kapag wala.</i> 1. Malalaki ang mga gagamba sa gubat tatalon: gagamba gubat
--	--	---	--	--





				- May gagamba sa bag ni Gani. tatalon: gagamba. Gani - Natakot si Gina sa gagamba. tatalon: Gina, gagamba - Iniabot ni Gani kay Gina ang gulaman. tatalon: Gani, Gina gulaman - Uminom ng gatas sina Gani at Gina. tatalon: gatas, Gani, Gina
Pagkilala at Pagkatuto ng Sight Words at Pagsasanay ng Katatasan sa Pagbasa (Sight Word Recognition and Fluency Practice)	Maglaro at Magbasa - Ipaskil ang mga larawan ng mga salitang nagsisimula sa titik u. - Basahin ang <i>sight word</i> na "ang" sa <i>flashcard</i>. - Tatawagin isa-isa ang mga mag-aaral sa harap ng klase. Ibibigay ang <i>flashcard</i> na ang sa mag-aaral na tinawag.	Magsanay Bumasa - Ipakita ang <i>flashcard</i> na "ang". - Ipakilala ang bagong <i>sight word</i> na mga. Ipaliwanag ang kahulugan nito at kung paano ginagamit sa pagsasalita. - Pagtabihin ang mga <i>flashcard</i>: "ang mga" - Ipabasa sa mga mag-aaral.	Sa Pagbabasa, Mahusay Ka! - Ipabasa ang mga salitang nasa <i>flashcard</i>: ang, mga - Ipakilala ang bagong <i>sight word</i> na sa. Ipaliwanag ang kahulugan nito at kung paano ginagamit sa pagsasalita. Pagkatapos ay ipasa ang <i>flashcard</i> sa bawat mag-aaral. - Sabihin: "Basahin ang salitang nasa <i>flashcard</i> at	Sa Pagbasa, Mangunguna Ka! - Ipabasa ang mga napag-aralang <i>sight words</i>: ang, mga, sa - Ipakilala ang bagong <i>sight word</i> na "ito" at "ay". Ipaliwanag ang kahulugan nito at kung paano ginagamit sa pagsasalita.





5 min min	- Sabihin: “Basahin ang salitang nasa flashcard. Ihanay o itabi ang flashcard sa mga larawan saka sabihin ang pangalan ng larawan.” Hal. ang (larawan ng ulap) sasabihin: ang ulap ang (larawan ng upo) sasabihin: ang upo - Ibigay ang flashcard ng “ang” sa bawat mag-aaral at ipagamit ito sa parirala. Ibigay rin ang “ang” na flashcard at ipagamit ito sa sariling pangungusap. Hal.: ang bag Ang aking bag ay kulay itim.	- Idikit ang flashcard ng “ang” at “mga” sa mga salitang: kama, kumot, tasa, butiki, baka, kubo, keso, tasa, mata, tabo, kuko, tutubi, mag-aaral, bote, tuta, buto, bato, atis, kamiseta, itak, biik, kamatis Hal.: ang mga kama ang mga kumot ang mga tasa ang mga butiki - Sabihin: “Ihanay ang mga flashcard ng ang at mga sa flashcard na nasa pisara.”	gamitin ito sa pagbuo ng parirala o pangungusap. Hal.: Ako ay pupunta sa MOA. Magbabasa ako sa silid aklatan.”	Ipabasa at magpabuo ng mga pangungusap gamit ang mga sight words. Inaasahang may hawak ang mag-aaral habang sinasabi ang mga sight words. Hal.: Ito ay lapis. Ito ay kuwaderno. Ito ay aklat Ito ang aking bag.
------------------	--	--	--	--





Pagtatapos/ Pagninilay sa Aralin (Closing/ Reflection) 5 min.	• Ipabahagi sa grupo kung ano ang natutuhan nila sa titik Uu at salitandaan ang. • Magbigay ng positibong puna at hikayatin silang magsanay sa pagbigkas ng /u/	<i>Reflection: Ano ang mga bagong salita na iyong natutuhan? Paano mo ito magagamit?</i> <i>Optional: Magbigay ng "Word Champion" sticker bilang gantimpala.</i>	<i>Reflection prompt: "Paano nakatulong sa iyo ang pag-aaral ng Ll at Nn?"</i> Pasasalamat sa aktibong partisipasyon at pagbibigay ng feedback.	Itanong sa grupo: "Ano ang pinakagusto ninyong gawain sa araw na ito?" Pasasalamat sa aktibong partisipasyon at pagbibigay ng feedback.
Pagpapalalim ng Pagkatuto / Gawain sa Bahay (Enhancement of Learning /Home Reinforcement Activity)	Takdang Aralin: Learning Activity Sheet Gawain 2: Bilugan at kulayan ang mga larawang nagsisimula sa u ang pangalan. Hikayatin ang pamilya na tulungan silang basahin at bigkasin ang <i>sight word</i> "ang" sa bahay.	Takdang-aralin: Learning Activity Sheet Gawain 2: Basahin ang mga salita sa loob ng kahon. Bilugan ang pangalan ng larawan. Hikayatin ang pamilya na tulungan silang basahin at bigkasin ang <i>sight word</i> na "ang" at "mga" sa bahay	Takdang Aralin: Learning Activity Sheet Gawain 4 Basahin ang mga parirala at gumuhit ng mga larawan sa kahon upang ipakita ang pagkakaunawa sa binasa. Sanayin ang pagbabasa at pagsulat ng <i>sight word</i> "sa" bilang bahagi ng pag-aaral sa bahay.	Takdang Aralin Learning Activity 2 Basahin ang mga pangungusap at sagutin ang mga tanong. Sanayin sa bahay ang pagbabasa at pagsusulat ng <i>sight words</i> "ito" at "ay" gamit ang mga simpleng pangungusap.





ARAL-Reading Basic		KEY STAGE	☒ 2 ☐ 3	Intervention Week	3
Focus	Syllable Manipulation (clapping, deleting, blending)			Language	☒ Filipino ☐ English

TUTORIAL PROCEDURES				
	UNANG SESYON (SESSION ONE)	IKALAWANG SESYON (SESSION TWO)	IKATLONG SESYON (SESSION THREE)	IKAAPAT NA SESYON (SESSION FOUR)
Focus Letter/Sound	Ng	P, R	D, H	N
Objectives	1. Nakikilala ang mga salitang may titik Ng. 2. Nabibigkas nang wasto ang mga salitang may titik Ng. 3. Nababasa nang wasto ang mga salitang may Ng. 4. Nakalalahok sa mga kapakipakinabang na gawain na kung saan nalilinig ang kaalaman sa mga salitang may titik Ng.	1. Nakikilala ang mga salitang may titik P at R. 2. Nabibigkas nang wasto ang mga salitang may titik P at R. 3. Nababasa ang mga salitang may P at R. 4. Nakalalahok sa mga gawain na kung saan nalilinig ang kaalaman sa mga salitang may titik P at R.	1. Nakikilala ang mga salitang may titik D at H. 2. Nabibigkas nang wasto ang mga salitang may titik D at H. 3. Nababasa ang mga salitang may D at H. 4. Nakalalahok sa iba't ibang gawain na kung saan nalilinig ang kaalaman sa mga salitang may titik D at H.	1. Nakikilala ang mga salitang may titik N. 2. Nabibigkas nang wasto ang mga salitang may titik N. 3. Nababasa ang mga salitang may titik N. 4. Nakalalahok sa iba't ibang gawain na kung saan nalilinig ang kaalaman sa mga salitang may titik N.
Materials	• gunting • kartolina	• drawing materials • puzzles	• kahon • flashcards	• flashcards • flaglets





	• paper hearts • drawing materials	• bola	• metacards	
Opening Routine and Socio-Emotional Warm-Up 5 min	Gawain sa pagsisimula ng klase: • Simulan ang klase sa pamamagitan ng pagbati sa mga mag-aaral. "Magandang umaga mga mag-aaral. Kamusta kayo ngayon?" • Ipaawit sa mga mag-aaral ang maikling awitin. "Kamusta, kamusta kamusta, kayong lahat? Mabuti, mabuti mabuti. Mabuti naman po kami." • Ipakuha ang SMB ng mga mag-aaral. Ipaguhit ang mukha na nagpapakita ng kanilang nararamdaman. • Itanong: "Mga mag-aaral handa na ba kayong matuto?"	Gawain sa pagsisimula ng klase: • Simulan ang klase sa pamamagitan ng pagbati sa mga mag-aaral. "Magandang umaga mga mag-aaral. Kamusta kayo ngayon?" • Magpahanap ng kapareha sa mga mag-aaral. • Ipakita ang galaw ng kamay kapag umaambon, umuulan at bumabagyo. • Kapag alam na ng mga mag-aaral ang galaw ng dalawang kamay sa mga ipinakitang iba't ibang panahon hayaang ipagawa ito sa likod ng kanilang kapareha. Sabihin: <i>Umaambon, umuulan, mahangin, bumabagyo.</i>	Gawain sa pagsisimula ng klase: • Simulan ang klase sa pamamagitan ng pagbati sa mga mag-aaral. "Magandang umaga mga mag-aaral. Kamusta kayo ngayon?" • Bago magsimula ang klase magdidikit ang guro ng larawan ng masaya at malungkot na mukha sa pisara. Babatiin ng guro ang mga mag-aaral. "Magandang umaga mga mag-aaral." Tingnan natin kung ano ang nararamdaman ninyo ngayong araw na ito. • Sabihin: <i>Pumila kayo at i-apir ang inyong kamay sa mukha na nagpapakita ng inyong nararamdaman dito sa pisara.</i>	Gawain sa pagsisimula ng klase: • Simulan ang klase sa pamamagitan ng pagbati sa mga mag-aaral. "Magandang umaga mga mag-aaral. Kamusta kayo ngayon?" • Batiin ang mga mag-aaral ng isang magandang umaga. Kamustahin sila at ipaawit ang awiting ito: May pusa sa kusina Grade _____ang may alaga Meow, meow, meow, meow, meow. Pusa kong minamahal. Bakit ka umiiyak? Meow, meow, meow, meow (Palitan ang pangalan ng hayop at ang tunog nito. Aso sa bakuran





	<i>Inaasahang sagot. (Pumadyak ng tatlo, pumalakpak ng tatlo at sumigaw. "Opo handa na po kami.")</i>	- Kapag natapos na ay ipagawa ito sa isa pang kapareha. - Itanong: "Ano ang naramdaman ninyo habang ginagawa ninyo ito sa inyong kaklase?"	- Palakarin ang mga mag-aaral at isa-isa silang mag-aapir sa mukha na nakadikit sa pisara na nagpapakita ng kanilang damdamin. - Sabihin: <i>Magaling mga mag-aaral. Halos lahat kayo ay masaya.</i>	<i>Pato sa ilog Baboy sa kulungan Ibon sa sanga (Pwedeng ipaawit ito sa bawat grupo o pangkat)</i> Itanong: <i>Ano ang naramdaman ninyo pagkatapos ninyong umawit?</i>
Listening and Language Development through Storytelling 10 min	Iparinig sa mga mag-aaral ang tungkol sa kuwentong Ang Ngipin ni Efren (LAS Week 3 Session 1). Magpakita ng mga larawan sa mga mag-aaral tungkol sa kuwentong na pakinggan. Hayaang magpahayag sila ng tungkol sa larawan. 	Magpakita ng larawan sa mga mag-aaral na nagsisimula sa titik P gaya ng pinya. (LAS Week 3 Session 2)  <i>Mga mag-aaral, nais ba ninyong malaman kung saan nagmula ang prutas na pinya?</i>	Iparinig sa mga mag-aaral ang kuwentong Si Dana at Hana Tingnan sa LAS Week 3 Session 3. Itanong: <i>Ano ang pangalan ng magkaibigan?</i> - Ipasulat ang pangalan ng magkaibigan sa pisara. - Itanong: <i>Sa anong titik nagsisimula ang salitang Dana?</i> - Magbigay ng iba pang salitang nagsisimula sa D.	Iparinig sa mga mag-aaral ang kuwentong Ang Mabait na Tindera (Gamitin ang LAS Week 3 Session 4).  Itanong:





		Iparinig sa mga mag-aaral ang kuwento. Tingnan sa LAS Week 3 Session 2. <i>Anu-anong salita ang naaalala ninyo na may titik P at R sa kuwento?</i>	Hal. dahon dilaw damo dala daga Magbigay ng mga salitang nagsisimula sa H Hal. hapon hamon haba hasa hanga	Anu-anong mga salita ang nagsisimula sa titik N? Nena Nanay Papagbigayin pa ang mga mag-aaral ng mga salitang nagsisimula sa titik N Hal. niyog nata nanalo nito
Letter and Word Review from Previous Sessions 5 min	- Ipakita ng <i>flashcards</i> sa mga mag-aaral na nagpapakita ng mga salitang kanilang natutuhan noong nakaraang linggo. - Ipabasa rin sa kanila ang mga titik U, T, K, L, N, G Pagsasanay sa mga salitang napag-aralan na gaya ng ang, mga, sa, ito, at ay	- Magpakita ng <i>flashcards</i> sa mga mag-aaral na nagpapakita ng mga salitang kanilang natutuhan kahapon. - Ipabasa rin sa kanila ang mga salitang may Ng Pagsasanay sa mga salitang ako, ikaw, si, at, may	- Magpakita ng <i>flashcards</i> sa mga mag-aaral na nagpapakita ng mga salitang kanilang natutuhan kahapon. - Ipabasa rin sa kanila ang mga salitang may P at R. Pagsasanay sa mga salitang ako, ikaw, si, at, may - Ipabigkas ito sa kanila kasama ang mga	- Magpakita ng <i>flashcards</i> sa mga mag-aaral na nagpapakita ng mga salitang kanilang natutuhan kahapon. - Ipabasa rin sa kanila ang mga salitang may D at H Pagsasanay sa mga salitang ako, ikaw, si, at, may





	Maaari rin itong ipagamit sa kanila sa pangungusap.	- Ipabigkas ito sa kanila kasama ang mga salitang may tunog /ng/. - Maaari rin itong ipagamit sa kanila sa pangungusap.	salitang may tunog /p/ at /r/. Maaari rin itong ipagamit sa kanila sa pangungusap.	- Ipabigkas ito sa kanila kasama ang mga salitang may tunog /d/ at /h/. - Maaari rin itong ipagamit sa kanila sa pangungusap.
Explicit Phonics and Word Work Instruction 15-20 min	- Ipakitang muli ang larawan ng ngipin sa mga mag-aaral. Isulat ito sa pisara: ngipin nguya - Pantigin ang mga ito - Hikayatin pa ang mga mag-aaral na magbigay ng mga salitang may Ng Hal. ngapa nguso ngata ngilo ngalay ngiti	- Ano-anong salita ang naaalala ninyo na may P at R sa kuwento? Hal: May Titik P pina pinya May Titik R reklamo Rosa - Hikayatin pa ang mga mag-aaral na magbigay ng mga salitang nagsisimula sa P at R. Hal. Mga salitang may P. pamaypay	- Magpalaro sa mga mag-aaral ng 4-pic 1-word. Tignan ang Gawain 1 ng LAS Week 3 Session 3 Mga sagot: duyan dila halaman hila - Humingi pa sa mga mag-aaral ng mga salitang nagsisimula sa D at H. - Palibutin sila sa silid-aralan at hayaan silang ibigay ang pangalan ng mga bagay na nagsisimula sa D at H. Paramihan ng masasabing bagay na kanilang nakita.	Magpalaro sa mga mag-aaral ng <i>Pagpantigin Natin!</i> Tignan ang Gawain 1 ng LAS Week 3 Session 4. - Humingi pa sa mga mag-aaral ng mga bagay na makikita nila sa loob ng silid-aralan na nagsisimula sa titik N. - Ipagawa ang Larong Pagpantigin Natin sa LAS Week 3 Session 4.





	- Hatiin ang klase sa taltlong pangkat at bigyan ang bawat pangkat ng tig-dalawang salitang may tunog ng /ng/. - Ipapantig sa mga mag-aaral ang mga salitang ito sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga pantig gamit ang gunting. Ipagupit ang mga salita sa pamamagitan ng pagpapantig. Ipadikit ito sa pisara na hiwa-hiwalay na.	parol paso pala pako palaka Mga salitang may R relo raketa rosas - Ipapantig sa mga mag-aaral ang mga salitang ito sa pamamagitan ng pagtapik sa mesa. - Ipabilang ang pantig sa kanila.	- Isulat ito sa pisara at ipapantig sa kanila. Pagkatapos pantigin ay ipabasa ito sa kanila. - Ipapantig sa mga mag-aaral ang mga salitang ito sa pamamagitan ng pag-apir sa kanilang kaklase. Ang bilang ng pantig ay dapat na bilang ng kanilang pag-apir.	
Phonological Awareness Skill-Building 10 min	Ipapantig ang mga salita sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpalakpak. ngapa - nga- pa nguso – ngu- so ngata – nga - ta ngilo - ngi - lo ngalay – nga- lay ngiti – ngi – ti	Ipapantig ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak o kaya ay pagpadyak ng paa. pusa palaso palaman parada rekado reklamo	Ipapantig ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak sa itaas ng ulo dahon dilaw damo dala daga	Ipapantig ang mga salita sa pamamagitan ng pagpalakpak Nanay ninong noo nakita ninang nuno nata nunal





	Phoneme Substitution Palitan ang unang pantig ng mga salita. ngapa – nga - pa nguso – ngu - so ngata – nga – ta ngilo – ngi - lo ngalay – nga - lay ngiti – ngi – ti Phoneme Deletion Sabihin: <i>Tanggalin natin ang unang pantig ng mga salitang ito. Anu-anong pantig ang matitira?</i> Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga matitirang pantig. Ano ang mga tinanggal ninyong pantig? ngapa – nga - pa nguso – ngu - so ngata – nga – ta ngilo – ngi - lo ngalay – nga - lay ngiti – ngi – ti	Rosa Roda Phoneme Substitution Palitan ang unang pantig ng mga salita. Paso Palaman Paa Pako Rosa Riso Phoneme Deletion Sabihin: <i>Tanggalin ang unang pantig ng salita. Ano ang matitirang pantig?</i> Ipabasa ito sa kanila. Pagpapalaro sa mga mag-aaral Hatiin ang mga mag-aaral sa apat na pangkat. Ang bawat pangkat ay may	Mga salitang nagsisimula sa titik H Hal. hapon hamon haba hasa hanga Phoneme Substitution Palitan ang unang pantig ng mga salita Palitan ang unang pantig ng mga salita. Dala Damo Hangin Phoneme Deletion Tanggalin ang unang titik ng mga sumusunod na salita dahon dilaw daga hala hirap	Phoneme Substitution Palitan ang unang pantig ng mga salita. Palitan ang unang pantig ng mga salita. nasa nunal ninong ninang Nana Nena Phoneme Deletion Tanggalin ang unang titik ng mga salita. ninang Nana nasa nuno Itanong: <i>Ano ang salitang natira?</i> Pagpapalaro sa mga mag-aaral
--	---	---	--	--





	Pagpapalaro sa mga mag-aaral Katambal ko, Hanapin Mo Paggamit ng kartolina - Gumawa ng 6 na puso. Isulat sa kaliwang bahagi ng puso ang unang pantig ng mga salita at sa kanang bahagi ang pangalawang pantig. - Ilagay ito sa ilalim ng upuan ng mga mag-aaral. Sabihin sa mga mag-aaral na hanapin nila ang kalahati ng mga puso. Kapag nakita na nila ang kalahati ay hahanapin naman nila ang katambal ng mga pusong hawak nila. Kapag nakita na nila ang kanilang katambal ay babasahin na ng magkapareha ang salitang kanilang nabuo.	larawan na kanilang bubuuin (puzzle). Ipabigay ang pangalan ng nabuong larawan at ipasulat ito ng papantig. Ipagawa ang Gawain 3 sa LAS Week 3 Session 2.	hika Itanong: <i>Anong salita ang natira? Pantigin ito.</i> Pagpapalaro sa mga mag-aaral Bring Me (LAS Week 3 Session 3, Gawain 2)	Pinoy Henyo (Tingnan ang LAS Week 3 Session 4, Gawain 2.)
--	--	---	--	--





Sight Word Recognition and Fluency Practice 5 min	• Ipakita sa mga mag-aaral ang mga salitang Ako, Ikaw, Si , At, May • Ipaulit-ulit sa mga mag-aaral ang pagbigkas sa mga salitang ito.	• Ipakita sa mga mag-aaral ang mga salitang Ako, Ikaw, Si , At, May • Ipaulit-ulit sa mga mag-aaral ang pagbigkas sa mga salitang ito.	• Ipakita sa mga mag-aaral ang mga salitang Ako, Ikaw, Si , At, May • Ipaulit-ulit sa mga mag-aaral ang pagbigkas sa mga salitang ito.	• Ipakita sa mga mag-aaral ang mga salitang Ako, Ikaw, Si , At, May • Ipaulit-ulit sa mga mag-aaral ang pagbigkas sa mga salitang ito.
Fluency and Comprehension through Play-Based Practice 5 min	Picture Sequencing and Oral Retelling • Magpakita ng tatlong larawan mula sa napakinggang kuwentong Ang Ngipin ni Efren • Magsabihin sa mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong napakinggan. • Ipakita sa mga mag-aaral ang tatlong pangyayaring nakasulat sa strip ng kartolina. Sabihin sa mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong napakinggan.	Picture Sequencing and Oral Retelling • Magpakita ng 4 na larawan na nagmula sa Alamat ng Pinya. • Magsabihin sa mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari gamit ang larawan. Lagyan ng bilang 1,2,3 at 4 sa ilalim ng larawan • Hikayatin ang mga mag-aaral na isalaysay muli ang napakinggang kuwento na "Ang Alamat ng Pinya."	Picture Sequencing and Oral Retelling • Magpakita ng mga pangyayari na mula sa kuwento at pagsunod-sunurin ito (Gamitin ang LAS 3 Session 3: Balikan Natin). • Ipakita sa mga mag-aaral ang tatlong pangyayaring nakasulat sa strip ng kartolina. • Sabihin sa mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong napakinggan.	Picture Sequencing and Oral Retelling • Magpakita ng mga pangyayari na mula sa kuwento pagsunod-sunurin ito. (Tingnan ang LAS Week 3 Session 4: Balikan ang Kuwento.) • Ipakita sa mga mag-aaral ang tatlong pangyayaring nakasulat sa strip ng kartolina. Sabihin sa mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong napakinggan. • Ipakita sa mga mag-aaral ang mga salitang Ako, Ikaw, Si, At, May Gawain 3: Dugtungan Tayo





	Lagyan ng bilang 1, 2 at 3 ang patlang. _____ Isang araw ay biglang narinig ng nanay ang sigaw ni Efren. Umiiyak ito. "Nanay, nanay masakit ang ngipin ko." _____ Si Efren ay mag-aaral na mahilig kumain ng kendi at iba pang matatamis na pagkain. _____ Dinala ng Nanay si Efren sa dentista. Hikayatin ang mga mag-aaral na isalaysay muli ang napakinggang kuwento.			(LAS Week 3 Session 4) Dugtungan ang mga salita Ako _____ Ikaw _____ _____ Si _____ at _____ May _____ _____
Closing/ Reflection	- Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbigay ng pahayag tungkol sa kanilang napakinggang kuwento. - Ano ang natutuhan ninyo ngayong araw na ito?	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbigay ng pahayag tungkol sa kanilang napakinggang kuwento. Ano ang natutuhan ninyo ngayong araw na ito?	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbigay ng pahayag tungkol sa kanilang napakinggang kuwento. Ano ang natutuhan ninyo ngayong araw na ito?	Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbigay ng pahayag tungkol sa kanilang napakinggang kuwento. Ano ang natutuhan ninyo ngayong araw na ito?





	2. Sa ating mga ginawang gawain ano ang pinakanagustuhan mo? 3. Anong bahagi ang madali? Sa anong bahagi ng aralin kayo nahirapan? 4. Sumulat ng iyong saloobin tungkol sa napakinggang kuwento. Magpakita ng iba't ibang larawan ng <i>emoji</i> sa mga mag-aaral (hal., <i>thumbs up</i>, <i>thumbs down</i>) para maipahayag nila ang kanilang nararamdaman.	2. Sa ating mga ginawang gawain ano ang pinakanagustuhan mo? 3. Anong bahagi ang madali? Sa anong bahagi ng aralin kayo nahirapan? 4. Sumulat ng iyong saloobin tungkol sa napakinggang kuwento. Ipaguhit sa mga mag-aaral ang kanilang nararamdaman kung sila ba ay masaya, malungkot, nagulat sa kanilang <i>show-me board</i>.	2. Sa ating mga ginawang gawain ano ang pinakanagustuhan mo? 3. Anong bahagi ang madali? Sa anong bahagi ng aralin kayo nahirapan? 4. Sumulat ng iyong saloobin tungkol sa napakinggang kuwento. Ipaguhit sa mga mag-aaral ang kanilang nararamdaman Ipapakita nila sa klase ang kanilang mukha.	2. Sa ating mga ginawang gawain ano ang pinakanagustuhan mo? 3. Anong bahagi ang madali? Sa anong bahagi ng aralin kayo nahirapan? 4. Sumulat ng iyong saloobin tungkol sa napakinggang kuwento Magpagamit ng <i>flaglets</i> sa mga mag-aaral na may <i>happy face</i> o <i>sad face</i>.
Enhancement of Learning /Home Reinforcement Activity	Magpaguhit sa mga mag-aaral ng mga bagay na makikita sa loob ng bahay na may titik NG.	Magpaguhit sa mga mag-aaral ng mga bagay na makikita sa loob ng bahay na may titik P at R	Magpadala ng mga larawan sa mga mag-aaral ng mga bagay na makikita sa loob ng bahay na may titik D at H.	Magpadala ng mga larawan sa mga mag-aaral ng mga bagay na makikita sa loob ng kanilang kuwanto na nagsisimula sa titik N.





	Optional: Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salitang “ako”, “ikaw”, “si”, “at”, at “may”. Sabihin sa kanila na ipabasa ito sa kanilang katabi.	Optional: Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salitang “ako”, “ikaw”, “si”, “at”, at “may”. Sabihin sa kanila na ipabasa ito sa kanilang katabi.	Optional: Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salitang “ako”, “ikaw”, “si”, “at”, at “may”. Sabihin sa kanila na ipabasa ito sa kanilang katabi.	Optional: Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salitang “ako”, “ikaw”, “si”, “at”, at “may”. Sabihin sa kanila na ipabasa ito sa kanilang katabi.
--	---	---	---	---





ARAL-Reading	☒ Basic	KEY STAGE	☒ 2 ☐ 3	Intervention Week	4
Focus	Phoneme Manipulation (onset-rime, segment/blend)			Language	☒ Filipino ☐ English

MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO (TUTORIAL PROCEDURES)				
	UNANG SESYON (SESSION ONE)	IKALAWANG SESYON (SESSION TWO)	IKATLONG SESYON (SESSION THREE)	IKAAPAT NA SESYON (SESSION FOUR)
Pokus na mga Titik, Tunog at Salita (Focus Letter/ Sound/Word)	W, Y Ang, Mga, Sa, Ito, Ay, Ako, Ikaw, Si, At, May	F, J Ang, Mga, Sa, Ito, Ay, Ako, Ikaw, Si, At, May	C, Q, Ang, Mga, Sa, Ito, Ay, Ako, Ikaw, Si, At, May	V, X, Z Ang, Mga, Sa, Ito, Ay, Ako, Ikaw, Si, At, May
Mga Layunin (Objectives)	1. Natutukoy ang tunog ng mga titik w at y. 2. Nabibigkas ang mga tunog ng katinig at patinig na bumubuo sa salita. 3. Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita. 4. Nagagamit ang mga <i>sight words</i> sa pagbuo ng mga parirala at pangungusap. 5. Nababasa nang may damdamin at tamang bilis	1. Natutukoy ang tunog ng mga titik f at j. 2. Nabibigkas ang mga tunog ng katinig at patinig na bumubuo sa salita. 3. Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita. 4. Nagagamit ang mga <i>sight words</i> sa pagbuo ng mga parirala at pangungusap. 5. Nababasa nang may damdamin at tamang bilis	1. Natutukoy ang tunog ng mga titik c at q. 2. Nabibigkas ang mga tunog ng katinig at patinig na bumubuo sa salita. 3. Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita. 4. Nagagamit ang mga <i>sight words</i> sa pagbuo ng mga parirala at pangungusap.	1. Natutukoy ang tunog ng mga titik z, v at x. 2. Nabibigkas ang mga tunog ng katinig at patinig na bumubuo sa salita. 3. Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita. 4. Nagagamit ang mga <i>sight words</i> sa pagbuo ng mga parirala at pangungusap.





	ang mga parirala at pangungusap. 6. Nakikilahok sa masaya at interaktibong mga gawain tungo sa tamang pagbigkas ng mga tunog at wastong paggamit ng mga <i>sight words</i> sa mga pangungusap.	ang mga pararila at pangungusap. 6. Nakikilahok sa masaya at interaktibong mga gawain tungo sa tamang pagbigkas ng mga tunog at wastong paggamit ng mga <i>sight words</i> sa mga pangungusap.	5. Nababasa nang may damdamin at tamang bilis ang mga parirala at pangungusap. 6. Nakikilahok sa masaya at interaktibong mga gawain tungo sa tamang pagbigkas ng mga tunog at wastong paggamit ng mga <i>sight words</i> sa mga pangungusap.	5. Nababasa nang may damdamin at tamang bilis ang mga parirala at pangungusap. 6. Nakikilahok sa masaya at interaktibong mga gawain tungo sa tamang pagbigkas ng mga tunog at wastong paggamit ng mga <i>sight words</i> sa mga pangungusap.
Mga Kagamitan (Materials)	• <i>tsart</i> • <i>emojis at color-coded emotions o mini emotion wheel</i> • iba't ibang kulay ng <i>metacards</i> • <i>popsicle sticks</i> • <i>dice</i> • mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa titik W at Y	• <i>tsart</i> • <i>emojis at color-coded emotions o mini emotion wheel</i> • pisi, yantok, o makapal na sinulid • mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa titik F at J	• <i>tsart</i> • <i>emojis at color-coded emotions o mini emotion wheel</i> • clay o luwad • mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa titik C at Q	• <i>tsart</i> • <i>emojis at color-coded emotions o mini emotion wheel, paper clips</i> • mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa titik V, X at Z
Panimula at Sosyo-Emosyonal na Gawain	1. Pagbati Sabihin: <i>Magandang umaga sa</i>	1. Pagbati Sabihin: <i>Magandang araw, mga mag-aaral! Handa na ba</i>	1. Pagbati Sabihin: <i>Magandang araw! Bago tayo magsimula, alamin</i>	1. Pagbati Sabihin: <i>Kumusta! Suriin natin kung</i>





(Opening Routine and Socio-Emotional Warm-Up) 5 min	inyong lahat! Kumusta kayo? 2. Pagpipilian ng Damdamin Sabihin: <i>Pumili kayo ng kulay o larawan na tumutugma sa inyong nararamdaman.</i> Hal.: berde = payapa, pula = galit, dilaw = masaya, bughaw = malungkot Maaaring gamitin ang mga color-coded emotions o mini emotion wheel. 3. Malalim na Paghinga Sabihin: <i>Tatlong beses tayong hihinga nang malalim. Handa na?</i> Hinga papasok... (sabay ngiti)	kayong makinig sa inyong sarili? 2. Pagpipilian ng Damdamin Sabihin: Pumili ng galaw na sumisimbolo sa iyong nararamdaman ngayon. - Tumalon kung masaya - Kumaway kung okay lang - Iyuko ang ulo kung malungkot - Umakmang parang superhero kung handa 3. Malalim na Paghinga Sabihin: <i>"Ngayon, huminga tayo nang malalim habang dahan-dahang itinataas ang kamay at iniikot ang mga balikat."</i> - Hinga papasok habang tinataas ang kamay - Hinga palabas habang iniikot ang balikat	muna natin kung ano ang sinasabi ng ating puso at isip. 2. Pagpipilian ng Damdamin Sabihin: Pumili ka: Puso – kung damdamin ang nangingibabaw Isip – kung mas aktibo ang pag-iisip mo ngayon Itanong: Kung puso, anong damdamin? Kung isip, anong iniisip mo? Maaaring magsulat sa papel o sabihin sa partner. 3. Malalim na Paghinga Sabihin: <i>Idikit ang kamay sa puso. Huminga nang malalim at tahimik habang iniisip ang isang bagay na nagpapasaya sa iyo. Gawin natin ito ng tatlong ulit, dahan-dahan.</i>	handa na ang inyong mga isip, puso, at katawan. 2. Pagpipilian ng Damdamin Sabihin: Itaas ang: Kamay kung handa ang isip Kamay sa dibdib kung handa ang puso Tumayo kung handa ang katawan Maaaring pumili ng isa, dalawa, o lahat. 3. Malalim na Paghinga Sabihin: - Hinga papasok: isipin ang isang positibong bagay - Pigil saglit: ilagay ang kamay sa dibdib - Hinga palabas: igalaw ang mga kamay at paa nang marahan - Ulitin ng tatlong beses. 4. Check-In Tanong
---	---	---	---	--





	- Hinga palabas... (sabay isara ang mga mata saglit) - Ulitin natin ng tatlong beses 4. Check-In Tanong Sabihin sa iyong katabi: <i>Isa o dalawang salita na sumasagot sa tanong na ito, Ano ang pakiramdam mo ngayon at bakit?</i>	Ulitin ng tatlong beses. 4. Check-In Tanong <i>Gamit ang kilos o kilos-salita, ano ang damdamin mo ngayong araw. Ipakita ito.</i>	4. Check-In Tanong <i>Ngayon, alin ang mas handa? Ang puso mo o isip mo? Bakit?</i>	<i>Alin sa tatlo ang pinakahanda mo ngayon? Alin ang gusto mong paghandaan pa?</i>
